REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

**KAPASIYAHAN BILANG 91-238**

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA ANG PAGKAKALOOB NG KAPIRASONG LUPA SA LIWASAN NG MGA BAYAN SA BARANGAY ALABANG UPANG MAPAGTAYUAN NG BARANGAY HEALTH CENTER AT ANG PAGLALAAN NG KAUKULANG PONDO PARA DITO.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang Liwasan ng mga Bayani ay nasa gitna ng kabuuan ng Barangay Alabang at madaling mapuntahan ninuman na naninirahan saan mang parte ng nabanggit na barangay;

SAPAGKAT, ang kalusugan ng bawat mamamayan ay dapat upang pagtuunan ng pansin ng pamahalaang bayan dahil ang mga malulusog na mamamayan ay produktibo at ang bayan ay umuunlad sanhi nito;

SAPAGKAT, ang kasalukuyang halaga ng pagpapagamot ay lubhang mahal kaya't ang pangkalusugang pangkatawan at pangkaisipan ay dapat laging nakaagapay sa isipan ng bawat mamamayan at ang pagkakaroon ng Barangay health Center na nagkakaloob ng libreng paggagamot, medikal o dental ay malaking kaluwagan sa mga maralitang mamamayan.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na pinagtitibay ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ang pagkakaloob ng kapirasong lupa sa Liwasan ng mga Bayani sa Barangay Alabang upang mapagtayuan ng Barangay Health Center at ang paglalaan ng kaukulang pondo para dito.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 182nd regular na pulong na ginanap ngayong ika-9 ng Disyembre 1991 sa Bulwagan ng People's Center , Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG.ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts